（タガログ語）

August 28, 2021

Para sa mga Magulang

安 城 市 教 育 委 員 会
Anjo City Board of Education
安城市立安祥中学校長
Anjo City AnshoSchool Principal

# PAKIUSAP KAUGNAY SA NEW CORONAVIRUS
# 新型コロナウイルス感染症に関するお願い

Maraming salamat sa inyong walang sawang pag-uunawa at pagsuporta sa aming paaralan.

Nais namin pasalamantan ang mga magulang para sa inyong pagsisikap maiwsan ang impeksyon kahit na bakasyon. Mahalaga ang kooperasyon ng pamilya upang maipagpatuloy ang mga aktibidad pang-edukasyon sa paraalan habang iniiwasan ang pagkalat ng impeksyon at pinipigilang mahawaan ang mga bata.

Samakatuwid, mangyaring bigyang pansin ang mga sumusunod at makipagtulungan sa pagtiyak ng ligtas na learning environment para sa mga bata.

Nilalaman

１　Kooperasyon ng pamilya

（１）Pagpasok sa paaralan

- ○Gawin ang mga habkbang para maiwasan ang pagkalat ng impeksyon sa bahay tulad ng paghugas ng kamay, pagmumog, atbp.
- ○Siguraduhin ang kalusugan ng iyong anak at iwasan pumasok kung masama ang kaniyang pakiramdam.
- ○Iwasan rin papasukin ang iyong anak kung mayroong miyembro ng pamilya na kasamang nakatira na masama ang pakiramdam.
- ○Kung ang miyembro ng pamilya na kasamang nakatira ay natukoy bilang close contact, huwag papasukin ang inyong anak hanggang sa lumabas na negative ang resulta.
- ○Kahit gumaling kaagad ang iyong anak mula sa sintomas ng paglalanat (ex. Nagkalagnat sa gabi at nawala ang lagnat sa sunod na umaga), mangyaring huwag pumasok sa paaralan nang halos isang araw para makasiguro.
- ○Kung ang iyong anak ay may sintomas ng sakit pagkatapos pumasok sa paaralan, hihilingin namin ang magulang na sumundo. Mangyaring sunduin rin ang mga ibang pang kapatid sa oras na iyon.
- ○Isulat sa health observation sheet ang resulta ng body temperature, at ipasa sa paaralan araw-araw.

（２）Tungkol sa pagtitipon at paglabas

- ○Hangga't maaari iwasan ang kumain sa labas kasama ang iba maliban sa inyong pamilya, at kung hindi ito maiiwasan, kakaunting bilang ng tao lamang at magkaroon ng maximum na mga hakbang upang maiwasan ang pagkalat ng impeksyon.
- ○Iwasan ang paglabas kung hindi kinakailangan, lalo na sa mga mataong lugar.
- ○Iwasan ang pagpunta sa mga lugar sa labas ng lalawigan.

２　Iba pa

・Kung sakaling hindi makakapasok dahil sa pa-vaccine ng coronavirus o di kaya mahina ang kondisyon ng katawan dahil sa side effects nito, isasagawa namin na “suspension of attendance” sa halip na “absent” kaya mangyaring makipag-ugnayan sa paaralan.

・Gumagawa kami ng aksyon batay sa tamang kaalaman at impormasyon upang hindi makilala at magkaron ng diskriminasyon ang mga taong nahawaan, close contact, kawani sa medical, atbp. at upang hindi sapilitan ang pagbabakuna o hindi pagpapabakuna. Salamat sa inyong pakikipagtulungan.

In-charge　Vice Principal　足立
Tel　０５６６－７６－７８１１